

**Ang Diyos at  
mga Ari-arian****WARM-UP**

- Magbanggit ng isang bagay na gustong-gusto mong ginagawa. Bakit mo ito nagugustuhang gawin?
- Ano ang isang bagay na kung wala ito sa buhay mo, ay hindi mo kayang mabuhay? Bakit hindi mo kaya kung wala ito sa buhay mo?
- Balikan ang isang pagkakataon na tumulong ka sa kaibigan mong nangangailangan. Ano ang naramdaman mo?

**WORD**

*20*"Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw. *21*Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso." **MATEO 6:20,21**

(Basahin din ang **MATEO 6:19,22-24**.)

Tayo ay nabubuhay sa lipunan na labis ang pagpapahalaga sa mga materyal na bagay. Ibinubuhos natin ang ating panahon at pagsisikap sa paghahangad at pagkakaroon ng mas maraming yaman, sa pag-aakalang ito ang magdadala sa atin ng kaligayahan. Sa Pangaral sa Bundok, binigyan ni Jesus ng bagong kahulugan ang dapat na pananaw natin sa mga ari-arian. Hindi Niya sinabi na kasalanan ang pagkakaroon ng mga ito, subalit, bilang Kanyang mga disipulo, dapat tayong mag-ingat upang hindi natin ito mapahalagahan nang higit sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong bagay dapat nating piliin upang maparangalan ang Diyos nang higit pa sa mga ari-arian.

# 1

## Langit o Lupa

<sup>20</sup>*Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit . . .*

<sup>21</sup>*Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso.”* **MATEO 6:20,21**

Madalas nating naiisip na ang pagkakaroon ng maraming ari-arian ang magdadala sa atin ng kaligayahan. Subalit, ipinaalala ni Jesus na sa lahat ng pagsusumikap na gagawin natin, ang mga ari-ariang ito ay hindi nagtatagal. Sa halip, tinawag tayo ni Jesus na mag-impok ng kayamanan sa langit dahil ito ay panghabambuhay. Kaya dapat nating ipuhunan ang ating oras at pagsusumikap sa mga bagay na pinahalagahan ng Diyos—ang ating relasyon sa Kanya at ang ating relasyon sa ating kapwa. Sa iyong palagay, bakit marami ang nagtitiwala sa mga bagay sa mundo, sa halip na sa mga bagay sa langit?

---

---

# 2

## Liwanag o Kadiliman

<sup>22</sup>*Ang mata ang nagsisilbing ilaw ng katawan. Kung malinaw ang iyong mata, maliliwanagan ang buo mong katawan.”*

**MATEO 6:22**

Sa ngayon, madalas tayong nag-aalala sa pagtugon sa ating mga pangangailangan kaysa sa pagtulong sa iba. Sa halip na maging sakim, itinuro ni Jesus kung paano maliliwanagan ang buo nating pagkatao kung *malinaw* ang ating mata. Ang pagkakaroon ng malinaw na mata ay ang makita ang at makatulong sa pagtugon ng mga pangangailangan ng iba (Mga Kawikaan 22:9). Sa paggawa natin nito, ipinapangako ng Bibliya na tayo ay magtatagumpay sa buhay (Mga Kawikaan 11:25). Paano tayo matutulungan kung tayo ay tumutulong sa iba?

---

---

### 3 Diyos o Kayamanan

*“Walang taong makapaglilingkod nang sabay sa dalawang amo. Sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, o kaya’y magiging tapat siya sa isa at hahamakin ang ikalawa. Ganoon din naman, hindi kayo makapaglilingkod nang sabay sa Diyos at sa kayamanan.” MATEO 6:24*

Sinasabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na iisa lamang ang dapat nilang pagsilbihan, ang Diyos o ang kayamanan, hindi maaaring pareho. Sinabi Niya na ang kayamanan ay isang hadlang sa ganap na paglilingkod sa Diyos dahil ito ang paraan upang tayo ay magkaroon ng mga ari-arian, na nagbibigay sa atin ng maling seguridad. Sa halip na magtrabaho at magpa-alipin sa pagmamahal sa kayamanan, tayo ay tinawag ni Jesus na sumunod sa kalooban ng Ama, magsilbi, at magbigay kasiyahan sa Kanya. Naranasan mo na bang manilbihan sa kayamanan? Paano mo natutunang mamuhay upang manilbihan at magbigay kasiyahan sa Diyos?

---

---

### APPLICATION

- Naisuko mo na ba ang buhay mo kay Jesus? Paano mo Siya magagawang mahalín nang buong puso, isip, at diwa sa araw-araw?
- Paano mo mapaglilingkuran ang Diyos araw-araw? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang maparangalan Siya gamit ang kung anumang mayroon ka?
- Mayroon ka bang mas pinahahalagahan nang higit pa sa Diyos? Paano mo Siya mapahalagahan nang higit pa kaninuman, at maibabahagi kung ano ang ginawa Niya sa buhay mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa lahat ng ibinigay Niyang pagpapala sa iyo upang gawin kang pagpapala sa iba. Hingin sa Kanya ang pagkakataon upang makagawa ka ng bagay nang walang pagkamakasarili at upang makatulong sa iba.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang iyong patotoo at ang ebanghelyo sa pamilya at kaibigan mo. Ipanalangin na maging mapagbigay ka ng iyong oras, pinagkukunan ng yaman, at lahat ng mayroon ka.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at karunungan upang piliing pagsilbihan Siya sa tuwing ikaw ay matutukso na maging sakim at makasarili.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph